



# 23RD AVENUE CORRIDOR IMPROVEMENTS PROJECT

## Fact Sheet ng Proyekto

Tag-init/Taglagas 2017

### BACKGROUND

Sa simula ng taong ito, nakumpleto ng Seattle Department of Transportation (SDOT) ang konstruksyon sa unang yugto ng isang proyekto sa daanan ng 23rd Ave upang mapaigting ang kaligtasan at mapahusay ang paggalaw para sa mga taong naglalakad, nagmamaneho, nagbibisikleta, at sumasakay sa pampublikong transportasyon sa lugar na iyon. Inaasahang magsisimula ang Konstruksyon para sa Ika-2 Yugto ng proyekto sa unang quarter pa lang ng 2018, at magtatagal ito nang humigit-kumulang 1 taon.

Kinokonekta ng daanan ng 23rd Ave ang mga tao sa mga tahanan, trabaho, negosyo, at higit pa. Mahigit 6,000 pasahero ng pampublikong transportasyon at mula 13,400 hanggang 20,000 sasakyan ang gumagamit sa kalsadang ito araw-araw. Kailangan ng malalaking pagpapahusay dahil hindi maayos ang kundisyon ng kalsada, gaya ng:


- Mga hukay at lubak sa semento
- Makitid at hindi pantay-pantay na bangketa
- Walang sapat na espasyo sa pagitan ng mga nagmamaneho sa 23rd Ave S at mga taong gumagamit ng mga bangketa
- Makikitid na daan
- Maraming banggaan
- Pagsikip ng trapiko dahil sa mga sasakyang kumakaliwa

### Timeline ng Proyekto

**Ika-1 Yugto:** E John St hanggang S Jackson St (kumpleto na ang konstruksyon)

**Ika-2 Yugto:** S Jackson St hanggang Rainier Ave S

**Manatiling nakasubaybay para sa higit pang impormasyon tungkol sa open house bago magsimula ang konstruksyon ngayong taglagas!**












	2012	2013	2014	2015	2016	2017	2018	2019
<b>Corridor planning</b>								
<b>Phase 1</b>								
<b>Phase 2</b>								


# 23RD AVENUE CORRIDOR IMPROVEMENTS PROJECT

## Mga bahagi ng Ika-2 Yugto ng proyekto


Kabilang sa mga nakaplanong bahagi ng Ika-2 Yugto ng proyekto ang:

-  Mga pag-aayos ng bangketa at mga curb ramp
-  Muling pagsesemento ng kalsada
-  Pagbabago ng disenyo ng kalsada; gagawing tatlong lane na lang mula sa apat (isang lane papunta sa bawat direksyon at isang lane sa gitna para sa pagliko) mula S Jackson St hanggang S Norman St
-  Papalitan ang water main sa ilalim ng kayle mula sa S Jackson St hanggang sa S Norman St
-  Landscaping at pagtatanim ng mga puno sa kalsada
-  Paglalagay ng mga bagong storm drain
-  Pagpapalit ng mga tubo para sa serbisyo ng tubig at fire hydrant mula S Norman St hanggang Rainier Ave S
-  Mga pagpapahusay sa pampublikong transportasyon
-  Mga pagpapahusay para sa mga taong gumagamit ng intersection ng Rainier Ave S, S Hill St, at 23rd Ave S

## Existing Typical four-lane cross-section on 23rd Ave S



## Future Typical three-lane cross-section on 23rd Ave S



Sa pamamagitan ng pagbabawas ng isang lane mula sa dating apat, inaasahang mababawasan ang banggaan at speeding, makakaliko ang mga sasakyan nang hindi nahaharangan ang trapiko, masusubaybayan ang mga driver na sumisingit sa mga lane, magiging mas madali para sa mga naglalakad na tumawid sa kalsada, at magiging mas madali para sa mga bus at malaking sasakyan na dumaan sa kalsada.

## Mga kasalukuyang kondisyon sa Ika-2 Yugto



## Mga kamakailang pagpapahusay sa konstruksyon sa Ika-1 Yugto



西雅图交通运输局 (SDOT) 将对 23rd Ave S 从 S Jackson St 至 Rainier Ave S 路段进行改建。该项目包括人行道改建、新路面、车道配置更改、新树木和景观美化以及总水管更换。如需申请获得经翻译的资料，请致电 206-727-8857。

西雅圖交通運輸局將對 S Jackson St 至 Rainier Ave S. 上的 23rd Ave S 進行改善工程。該專案包括人行道改善、新路面、道路配置的變更、新樹和景觀美化，以及自來水總管的更換。如需申請獲取經翻譯的資料，請致電 206-727-8857。

Seattle Department of Transportation (Bộ Giao thông Vận tải Seattle) sẽ thực hiện các cải tiến trên 23 Ave S từ S Jackson St tới Rainier Ave S. Dự án bao gồm cải tạo vỉa hè, làm vỉa hè mới, thay đổi cấu trúc lòng đường, trồng cây mới và thay đổi cảnh quan cũng như thay đường ống dẫn nước chính. Muốn yêu cầu thông tin đã được phiên dịch, xin gọi số 206-727-8857.

El Departamento de Transporte de Seattle realizará mejoras en 23rd Ave S desde S Jackson St a Rainier Ave S. El proyecto incluye mejoras a las aceras, pavimento nuevo, cambios a la configuración de la calzada, nuevos árboles y jardinería, y sustitución de la tubería de agua principal. Para solicitar información traducida, llame al 206-727-8857.